



Ang Pahayag ng Arlington

SA PAGSASALIN SA BIBLIYA

PANIMULANG SALITA

Pinatutunayan namin na ang animnapu't anim na aklat ng Bibliya, na isinulat mula sa orihinal na mga wika ng Hebreo, Arameik, at Griyego, na masusing dumaan sa panukatan ng kanoniko, ay ang nakasulat na Salita ng Diyos. Ang mga ito ay walang mali sa orihinal na mga manuskrito, at walang pagkakamali sa lahat ng kanilang pinatutunayan. Bagaman marahil wala na ang mga orihinal na mga manuskrito, ang Salita ng Diyos ay lubos na pinangalagaan ng napakaraming kopya na mayroon tayo sa ngayon.

Pinatutunayan namin na dahil ang Bibliya ay ang walang pagkakamaling Salita ng Diyos, at dahil nilikha ng Diyos ang lahat ng kaisipan ng tao, maging ang mga wika, ang kahulugan ng Salita ng Diyos ay maaring ipahayag na may katapatan sa bawat wika ng tao sa pamamagitan ng matapat na salin ng Bibliya.

Pinatutunayan namin na ang pagkasulat sa gramatika, maging sa pagkahanay ng mga salita o parirala, ay may pagkakaiba sa magkakaibang wika. Dahil dito, dapat maunawaan ng mga tagpagsalin ang mga pagkakaiba ng mga wika upang kanilang maipahayag na wasto ang katotohanan ng Diyos na sinlinaw tulad sa orihinal na mga teksto.

Pinatutunayan namin na ang Bibliya ay sa Diyos, at “sa maraming tagapayo ay may kaligtasan” (Kawikaan 11:14). Kaya't hinihikayat namin ang mga samahan ng mga tagapagsalin at ang mga kalipunan ng Bibliya na ang kanilang salin ay malayang magamit sa “online” kung kalian ito maisagawa, upang ang bawat isa ay makinabang sa kanilang gawa at makapagbigay rin ng kapaki-pakinabang na pagpuna para sa pagsasaalang-alang sa mga susunod na rebisyon.

Pinatutunayan namin na ang gawang paglilinaw ng Banal na Espiritu ay mahalaga para sa tamang pag-unawa sa Salita ng Diyos (1 Corinto 2:14). Bukod dito, ginawa ng Diyos ang Kanyang Iglesia na “haligi at saligan ng katotohanan” (1 Timoteo 3:15). Kung kayat binigyan ng Diyos ang Iglesia ng responsibilidad upang tiyakin ang pagiging matapat sa pagsalin ng Kanyang Salita. Ang kapwa pandaigdigang at lokal na Iglesia ay may halaga at kaugnay na kaalaman (tulad ng kaalaman sa mga orihinal na wika o ng mga wika ng mga tao na tumanggap o kaalaman sa teolohiya) na kapaki-pakinabang sa matapat na mga pagsalin, habang ang mga mananampalataya ay mapagpakumbabang sama-sama na gumagawa bilang isang katawan sa pagkakaisa ng Espiritu. Ang mga salin ay dapat maisagawa sa paraan na ang mga ito ay matapat na ipinahahayag ang kapahayagan ng Diyos sa kanyang sarili, pinararangalan ang mga lokal na kongregasyon na gagamit ng nito, at pinananatili ang pagkakaisa ng kapayapaan sa pandaigdigang Iglesia.

Kaugnay ng mga patunay sa itaas, ipinapanukala namin ang mga sumusunod na patnubay na alituntunin upang matugunan ang ilang mga may suliraning kagawian sa ilang kamakailang mga salin sa Bibliya.

ARTIKULO I

Ang mga tagapagsalin ay hindi dapat magsalin para sa paglilinaw o tahasang pagpapatunayan ng teolohiya ng ibang mga relihiyon sa kapinsalaan ng kahulugan, konteksto, at teolohikal na pahiwatig ng mga teksto ng orihinal na wika.

- Halimbawa, ang mga unang salita ng pagpahapayag ng pananampalataya ng Islam (لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ “Walang diyos kundi si Allah/Diyos”) ay hindi dapat gamitin sa anumang pagsalin sa Bibliya, sapagkat ito ay natatanging pariralang Islam na nagdadala ng kahulugan ng Islam at mga kahulugang humahadlang sa matapat na pag-unawa sa teksto sa bibliya. Para sa mga Muslim, ang unang kalahati ng pagpahapayag ng pananampalatayang Islam ay likas na nag-iisip sa pangalawang kalahati, ito ay ang, “at si Muhammad ay ang sugo ng Allah/Diyos.” Ipinahahayag din nito ang paniniwalang Islam na lubos ang pagiging-isa ng Diyos na tahasan namang pinabubulaanan ang Trinidad. Sa kabaliktaran, ang mga biblikal na kapahayagan ng katotohanan sa iisang Diyos ay nagtuturo na walang Diyos maliban sa PANGINOON - Siya ay si YHWH, ang matapat na Diyos ng Israel, na Siya ang Ama, ang Anak, at ang Banal na Espiritu (hal. 1 Hari 18:39; Awit 18:31; 1 Corinto 8:4-6; Efeso 4:4-6).

ARTIKULO II

Sapagkat ang bawat tao sa bawat kultura ay kailangang malaman ang kabuuang katotohanan ng Diyos, ang mga salin ng Bibliya ay hindi dapat iwasang salungatin ang turo ng kasalanan o kasinungalingan na kinakaharap ng mga teksto sa orihinal na wika, sa mga mananampalataya man o sa mga hindi mananampalataya.

- Halimbawa, kung ang sinuman sa mga Hindus ay masaktan sa pagtawag ng ama sa alibughang anak, “Dali! Dalhin mo ang pinatabang guya at patayin mo ito!” (Lucas 15:22-23), hindi maaaring isalin ito ng mga tagapagsalin na ang ama ay naghanda ng isang pangkaraniwang tawag na masayang pagdiriwang at alisin ang may kinalaman sa pagpatay sa guya. Sa paggawa nito ay inaalis ang mahalagang patunay na hindi isinasaalang-alang ni Jesus na kasalanan ang pagpatay ng mga baka, na kailangang malaman ng mga tao upang mag-isip nang naaayon sa Bibliya.
- Gayundin, kahit masaktan ang mga mananamba sa mga diyus-diyusan sa matinding pakikipagtalo ni Isaias laban sa mga diyus-diyusan tulad ng nasa mga sipi o mga talata ng bibliya sa Isaias 44:9-20, hindi dapat palambutin ang punto nito ng mga tagapagsalin sapagkat ang tono mismo ay bahagi ng mensaheng kinasihan ng Diyos na ang pagsamba sa diyus-diyusan ay kasuklam-suklam sa Diyos.

ARTIKULO III

Ang Banal na Espiritu ay lumikha ng isang mayamang pinaghabi-habing katotohanan, na naglalaman ng ilang susing mga salita na nagdurugtong sa maraming mga sipi o mga talata ng bibliya na ang lahat ng mga ito ay nag-aambag sa kabuuang kahulugan nito. Ang mga tagapagsalin ay dapat magsikap para sa isang mataas na antas ng pagkakapareho o hindi pabagu-bago sa pagsalin nitong mga susing salita upang hangga’t maaari ay mapanatili ang pagkakahabi ng kahulugan sa pagsalin.

- Halimbawa, ang salitang Griyego na κύριος (“Panginoon”) ay hindi dapat isalin na magkaiba kahit malapan pa ng tagapagsalin kung ito ay tumutukoy sa Diyos Ama o sa Diyos na Anak. Ang pagsalin ng κύριος bilang “Allah/Diyos” para sa Diyos Ama (hal. 1 Pedro 3:12; tingnan ang Mga Awit 34:15-16) ngunit “Guro” o “Panginoon” para kay Jesus (hal. 1 Pedro 3:14-15; tingnan ang Isaias 8:12-13), ay nagkukubli ng pagkapantay ni Jesus sa Ama, sapagkat ang Ama at ang Anak ay magkapantay na Guro, magkapantay na Panginoon, at magkapantay na Diyos.

- Gayundin, ang salitang “Anak ng Diyos”, at ang mga salitang “Ama” at “Anak” kapag tinutukoy ang Diyos ay dapat isalin gamit ang kaparehong mga salita na karaniwang ginagamit upang maipahayag ang ama-anak na ugnayan ng tao. Ang pagdagdag ng mga salita upang baguhin ang kahulugan ng mga salitang pampamilya (tulad ng sa “espirituwal na anak”) o paggamit ng hindi pangunahing pampamilyang mga salita (tulad ng “Mesiyas,” “minamahal,” “prinsipe,” o “tagapag-alaga”) ay hindi maiiwasang magiging dahilan ng pagkawala ng inilaang pakahulugan ng Diyos. Ang mga salitang direktang nagpapahayag ng ama-anak na ugnayan ay kinakailangan para sa mga mambabasa upang maiugnay ang mga pangunahing pagkaunawa tulad ni Jesus bilang ang tanging likas na tagapagmana sa kaharian ng Diyos, tinatamasa ang isang natatanging relasyon sa Ama, ang ganap na larawan ng Ama, at pagiging panganay sa lahat ng nilikha (Mateo 21:37-38, Hebreo 1:2-3, Colosas 1:13-18). Ang mga salitang ito ay kinakailangan din upang maunawaan ng mga mambabasa ang pag-aampon sa atin bilang mga anak ng Diyos (Juan 1:12-13; Roma 8:14-29; Galacia 4:1-7), ang paghandog ni Abraham kay Isaac (Genesis 22:1-18), ang talinghaga tungkol sa ubasan at mga katiwala (Mateo 21:33-46, atbp.), ang ama sa talinghaga ng alibughang anak (Lucas 15:11-32), at maraming iba pang mahahalagang ugnayan sa Banal na Kasulatan. Ang mga posebling hindi pagkakaunawaan ay maaaring matugunan sa pamamagitan ng katuruang Kristiyano o sa pamamagitan ng paratextual na materyal, tulad ng mga panimula ng aklat, mga talababa, o ng isang talahuluganan.

KONKLUSYON

Sa katapus-tapusan, pinatutunayan namin na ang lahat ng Banal na Kasulatan at ang mga gawang nakabatay sa Banal na Kasulatan ay dapat sumunod sa bawat isa sa mga alituntunin sa itaas. Ang mga bagay na hindi umaayon sa antas na ito ay hinihikayat namin na ito ay baguhin.

Kami bilang mga lumagda ay nangangako sa pagsunod sa mga alituntuning ito sa lahat ng aming gawain sa pagsasalin ng Bibliya, at nananawagan kami sa lahat ng mga tagapagsalin at mga samahan ng pagsasalin na sundin ito.